Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Davao ) S.S.

**SINUMPAANG SALAYSAY**

**Ako si "Ramon Evangelista"**, 25 taong gulang, binata, may sapat na gulang at nakatira sa lungsod ng Davao, matapos makapanumpa sabatas, ay malayang nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Na ako ay panganay sa labing-dalawang magkakapatid at ang nanay ko ay naghahanap-buhay sa pamamagitan ng pagtitinda;
2. Na ako ay dati hinuli ng mga pulis at nakulong ngunit pinalaya matapos na walang lumapit upang magreklamo at kasuhan ako;
3. Na maging ang kapatid ko ngayon ay nasa bilangguan ngunit pagkalaya niya ay plano namin na palayuin siya dito;
4. Na ako ay kasalukuyang isang trabahador sa isang *construction company* dito sa lungsod ng Davao;
5. Na ako ay miyembro ng isang grupo na kinabibilangan din ng ilan sa aking mga matatalik na kaibigan o barkada. Ang organisasyon o grupo na ito ay maraming *cells* sa loob nito at nagkalat sa buong lungsod ng Davao. Ang paraan ng pag-organisa ng mga *cell* ay ayon sa barangay. Ang bawat barangay ay may naturang *cell.* Ang bawat *cell* ay kinabibilangan ng mula apat hanggang anim na miyembro. Sa isang buwan, ang bawat *cell* ay may nakalaan na *target* o mga taong papaslayin. May mga kilala ako na ilang miyembro ng ibang *cell* sa pangalan o sa mukha at alam ko kung sino sa kanila ay ang driver sa mga operasyon at sino ang mga *hitman;*
6. Na ang grupo na ito ay nakapatay na ng ilang mga tao na may atraso sa batas at sa aking pagkakaalam ang gobyerno ng lungsod ang nasa likod nito. Ang grupo ay nakakatanggap ng mga *order* kung sino ang papatayin;
7. Na minsan ay narinig ko na sinambit ng alkalde ng lungsod na "Clean the dirt of Davao" at ang layunin ng alkalde ay alisin ang mga salot sa lipunan;
8. Na ako ay nilapitan at inalok na maging miyembro ng grupo na ito ngunit sa una ay tumanggi ako sapagkat bukod sa takot, naisip ko na manilbihan na lamang sa *construction company* na aking pinapasukan;
9. Na matapos ang saglit na panahon, ako ay nahikayat ng aking matalik na kababata at kaibigan na ang palayaw ay Kulot na pumasok na sa grupo;
10. Na si Kulot ay nakilala ko noong kami pa ay mga walo o siyam na taong gulang pa lamang. Isa siyang ulila sa mga magulang at naglayas tulad ko sa murang edad. Pareho namin natagpuan ang aming sarili sa isang bahay-ampunan o *drop-in center* at

mula noon ay malimit na magksama kami at naging matalik na kaibigan dahil sa pareho naming karanasan sa buhay;

11. Na si Kulot ay napabilang sa grupo nang siya ay *i-recruit* ng isang pulis na sa paglaon ay naging *handler* niya. Siya ay naging utusan o tauhan ng naturang pulis na dati ay nakadestino sa Camp Leonor, San Pedro District sa lungsod ng Davao. Binigyan siya ng trabaho at di nagtagal, ang mga utos ng nasabing pulis ay ilang mga gawain na iligal, kasama na dito ay ang pagiging *hitman* at responsable sa pagpaslang ng ilang tao. Sa ngayon, ang pulis na tinutukoy niya ay nakaretiro na at si Kulot ay ipinasa na at hawak na ng ibang pulis. Na minsan, minabuti ni Kulot na umalis at tumigil na sa kanyang iligal na gawain ngunit siya ay hindi pinayagan ng kanyang *handler;*
12. Na si Kulot ay matagal ng miyembro ng grupo na kinabibilangan ko at madalas na ipagyabang na may pera siya. Binabayaran daw siya ng halaga na Labing Tatlong Pisong o P30,000.00 para sa pagpaslang niya ng mga tao. Sa kasalukuyan, umuupa siya ng isang kuwarto na nagkakahalaga ng P1,500.00. Kalimitan, siya ay ay makikitang nagdadala ng malalaking halaga ng salapi na humigit kumulang Isang Daang Libong Piso o P100,000.00 na ipinamumudmod niya sa mga bata sa bahay ampunan o *drop-in center*. Malimit din, ako ay binibisita at binibigyan niya ng pera na pangtustos sa aking pagkain at para din sa aming pag-inom ng alak;
13. Na may isang pagkakataon na ako ay isinama sa isang operasyon bago ako maging ganap na miyembro ng grupo. Sa araw na iyon, nakatanggap ang aming grupo ng *order* na tirahin o patayin ang isang tao. Nagtungo kami sa isang barangay malapit sa Bajada sakay sa dalawang motorsiklo. Pagkarating sa isang *barbeque kiosk* bumaba kami sa aming sinasakyan at lumapit sa isang sari-sari store. Umupo ako sa tabi ng isang taong aming titirahin na sa pagkakataong iyon ay nakaupo din, samantala ang aking mga kasamahan ay pumalibot na nakatayo habang nagkukunwaring naninigarilyo lamang. Biglang dalawa sa aking mga kasama, kabilang si Kulot, ang lumapit at sinaksak ang biktima. Sinaksak ng isa ko na kasama ang biktima sa likuran nito habang sabay na sinasaksak naman ni Kulot sa harapan. Habang sinasaksak ang biktima, sumisigaw siya ng "Mama." Umalis lang kami ng parang walang nangyari. Ang aking mga kasamahan ay umalis lulan ng kanilang motorsiklo habang ako ay sumakay sa isang jeep. Naalala ko na nasaksihan ng may-ari ng tindahan ang pangyayari kasama ang isang mag-nobyo na nandoon din;
14. Na makalipas ang dalawang araw, nakita ko uli si Kulot. Sinabi niya na ang nangyari sa tindahan ay isa lamang *showcase*. Tinanong niya ako noon kung nais ko bang sumali at maging miyembro ng grupo niya. Ang pangunahing tungkulin ko ay ang tukuyin at kilalanin ang mga naturang *target* at alamin at kumalap ng impormasyon kung nasaan sila sa isang partikular

na oras at panahon upang sila ay patayin ng mga *hitman.* Karamihan sa mga napapabilang na *target* ay ang mga snatcher, durugista at magnanakaw. Ginagamit ko sa pagbigay ng impormasyon kay Kulot ang isang Nokia 3310 na *cellphone.* Binabayaran ako ng Limang Daang Piso sa bawat impormasyon na makalap ko at mapasa kay Kulot. May kilala akong tatlong tao sa aming barangay na may ganito rin na gawain. Sa aking pagkakaalam, si Kulot ang aming *big boss* sa barangay o *cell* namin ngunit mas marami pang nakatataas sa kanya;

15.Na naalala ko ang isang operasyon kung saan ako ay ginamit na pain. Nagtungo kami sa Buhangin District. Malungkot ang operasyon na iyon sapakat ang aming titirahin ay isa kong kaibigan na nagngangalang Marlon. Napabilang siya sa *order* na patayin sapagkat isa itong kilalang magnanakaw sa kanilang lugar, miyembro ng Akyat Bahay Gang at marami na ang nagrereklamo sa kanyang masamang gawain. Naatasan ako na alamin kung nasaan si Marlon ng araw na iyon. Matapos kong tukuyin kung nasaan siya, kami ay pumasok sa bahay niya. Mula sa hagdan, nakita ko na hinabol nila si Marlon. Tumakbo si Marlon papunta sa bintana upang tumalon ngunit may nag-aabang sa kanya doon na isa naming kasamahan at binaril siya. Tumanggap si Kulot ng Labing Tatlong Daang Piso o P13, 000.00 para sa operasyon na iyon sapagkat ang tinira ay "*big-time.*" Para sa pagbigay ng impormasyon, ako ay binayaran ng Isang Libong Piso o P1,000.00;

16.Na isinagawa ko ang salaysay na ito sa kagustuhan ko na ilantad ang katotohanan tungkol sa mga patayan sa Davao na iniuugnay sa Davao Death Squad na may personal na kaalaman ako;

17.Na pawang katotohanan lamang ang akig mga isinaad at boluntaryo ko na isinagawa ang salaysay na ito at nireserba ko ang aking karapatan na magdagdag sa aking mga isinaad sa iba pang panahon;

18.Na pansamantala ay nais ko munang itago ang aking tunay na pangalan dahil sa pangamba sa aking buhay at ng sa pamilya ko;

19.Na alinsunod sa nabanggit, ang imprenta ng aking kanang hinlalaki na daliri ang aking ilalagay sa dokumento na ito.

**NA SA KATUNAYAN NG LAHAT NA ITO**, ay aking ilalagay ang imprenta ng aking kanang hinlalaki na daliri sa salaysay 0na ito ngayong 4 ng Hunyo 2009 dito sa Davao City.



**Nagsalaysay**

**SUBSCRIBED AND SWORN TO BEFORE ME**, this 4th day of July 2009, at Davao City Philippines. I hereby certify that I have personally examined the affiant and that I am satisfied that he read and understood the contents of his affidavit consisting of three pages, including this page and that he voluntarily executed the same.

**Atty. JACQUELINE ANN C. DE GUIA**
Attorney IV, Legal and Investigation Office, CHR
Administering Officer